Enhanced Community Quarantine

FAQs

OfficialDOHgov @DOHgovph doh.gov.ph (02) 894-COVID

ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE FAQS

Q: Sino ang maaaring lumabas ng kanilang tahanan habang may ECQ?

A: Ang sumusunod ay **maaaring lumabas ng kanilang tahanan**:

- Mga empleyado ng mga establisimyentong nagbibigay ng *basic* at *essential services* tulad ng supermarket, parmasya, bangko, atbp;
- Pulis, militar, at iba pang *uniformed personnel*;
- Mga *health worker* at ang mga nagtatrabaho sa *emergency response teams*; at,
- Mga *media personnel* na may pahintulot mula sa PCOO.

ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE FAQS

Q: May pasok pa rin ba ang mga empleyado ng mga hindi kinakailangang mga negosyo o serbisyo habang may ECQ?

A: Hinihikayat ang mga *employer* na bumuo ng *work arrangement* na hindi nangangailangan ng aktuwal na pagpunta sa lugar ng trabaho.

Hindi dapat papuntahin ng mga *employer* ang mga empleyado sa lugar ng trabaho maliban kung ang kompanya ay nagbibigay ng pangunahing pangangailangan.

ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE FAQS

Q: Sino ang dapat manatili sa bahay habang may ECQ?

A: Mahigpit na pinapaalalahan ang mga taong pinakananganganib na magkasakit na **manatili sa kani-kanilang mga bahay:**

- Mga *senior citizen*;
- Mga may iniindang sakit (altapresyon, diabetes, sakit sa puso, hika, atbp.); at,
- Mga buntis.

ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE FAQS

Q: Kailangan kong lumabas ng bahay para bumili ng mga pangunahing pangangailangan. Sino ang puwedeng lumabas sa bahay?

A: Isang tao lamang sa bahay ang pinapayagang bumili ng mga pangunahing pangangailangan.

ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE FAQS

Q: Kailangan kong lumabas ng bahay para magtrabaho o bumili ng mga pangunahing pangangailangan. Ano ang kailangan kong dalhin?

A: Para sa mga taong **kinakailangan lumabas ng bahay,** kailangang dalhin at ipakita sa mga awtoridad ang sumusunod:

- *Identification Card*;
- Patunay ng iyong paninirahan;
- *Certification of employment* o delivery receipt para sa mga naghahatid ng mga kalakal sa o mula sa *quarantine area*; at,
- Mga awtorisasyon at sertipikasyon (mula sa mga opisina ng pamahalaan, kung angkop).

ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE FAQS

Q: Anong mga negosyo at serbisyo ang mananatiling bukas habang may ECQ?

A: Ang sumusunod na *utilities* at *critical services* ay **magpapatuloy sa operasyon:**

- Tubig, kuryente, *internet*, at telepono;
- Pagkolekta ng basura;
- Mga punerarya at *internment services*; at,
- Mga gasolinahan.

ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE FAQS

Q: Anong mga negosyo at serbisyo ang sarado habang may ECQ?

A: Ang sumusunod ay **sarado sa panahon ng ECQ**:

- Mga *casino*, pasugalan, at POGOs; at,
- Mga *hotel* at *inn*.

ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE FAQS

Q: Mayroon bang pampublikong transportasyon habang may ECQ?

A: Hindi pahihintulutan ang anumang uri ng pampublikong transportasyon, kabilang ang mga *tricycle*, *pedicab*, *taxi*, Grab, jeepney, bus, MRT at LRT.

Inaatasan ang mga kinauukulang LGU na magbigay ng *point-to-point transportation* para sa mga taong awtorisadong pumasok sa trabaho, lalo na ang mga *health worker.*

ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE FAQS

Q: Ako ay isang OFW, balikbayan, o foreign national na ngayon ay nasa Pilipinas. Papayagan ba akong umalis sa bansa habang may ECQ?

A: Makalilipad paalis ng Pilipinas ang mga OFW, balikbayan, at dayuhan kahit na may ECQ basta't **lilipad sila sa loob ng 24 oras mula sa pag-alis nila sa bahay o *hotel*.**

Isang tao lamang ang papayagang maghatid sa pasahero sa paliparan.

ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE FAQS

Q: Magbabakasyon sana ako sa ibang bansa. Papayagan ba akong umalis ng bansa habang may ECQ?

A: Walang papayagang Filipino na magbakasyon sa ibang bansa.